




## Manatiling nakikilahok

Nakatuon kami sa makabuluhan at nakikipagtulungang pakikilahok ng publiko sa buong proseso ng pagdisenyo. Bilang paglahok sa laban upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19, isinagawa ng Lungsod ang pampublikong pakikipag-ugnayan online. Ginagamit namin ang feedback na narinig namin at natanggap upang tumulong na mapabuti ang mga konsepto ng disenyo para maging isang napiling disenyo. Pinaplano naming ibahagi sa komunidad ang napiling konsepto ng disenyo pagsapit ng tagsibol 2021.

Sa buong proseso ng pagdisenyo, makikipag-ugnayan kami sa komunidad upang magtipon ng feedback sa mahahalagang kaganapan.

## Timeline ng proyekto

**2019-2021**
Unang Bahagi ng Disenyo

**2021-2023**
Disenyo

**2022-2024**
Pagbili sa Ari-arian

**Nakabinbin na karagdagang pagpopondo**
Konstruksyon

| **Yugto 1**<br>Mga Kasalukuyang Kondisyon at Pagtitipon ng Impormasyon | **Yugto 2**<br>Mga Konsepto ng Disenyo at Pamantayan ng Pagsusuri | **Yugto 3**<br>Piniling Konsepto ng Disenyo |
|---|---|---|
| 2019 | 2020 | 2021 |
| ✓ Abril<br>- Nakumpleto ang paunang pagsusuri<br><br>✓ Abril-Mayo<br>- Mga interview sa Stakeholder<br>- Drop-in session para sa may-ari/umuupa<br>- Online at personal na open house | ✓ Tagsibol<br>- Pagsasapubliko ng mga alternatibong disenyo<br><br>✓ Tagsibol/tag-araw<br>- Pakikipag-ugnayan sa mga may-ari ng ari-arian at iba pang stakeholder<br>- Online na pakikipag-ugnayan at survey site at webinar | O Tagsibol<br>- Pagsasapubliko ng piniling konsepto ng disenyo<br>- pagkumpleto sa 30% ng disenyo<br><br>O Tagsibol<br>- Online na open house at survey<br>- Pakikipag-ugnayan sa mga stakeholder at may-ari ng ari-arian |

✓ Kumpletong teknikal na pag-unlad ✓ Kumpletong pag-unlad sa pakikipag-ugnayan
O Di-kumpletong teknikal na pag-unlad O Di-kumpletong pag-unlad sa pakikipag-ugnayan

O Mga teknikal na pag-unlad O Mga pag-unlad sa mga gawain

## Makipag-ugnayan sa amin

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang shorelinewa.gov/175corridor

**Leif Johansen**
City of Shoreline, Project Manager
ljohansen@shorelinewa.gov | (206) 801-2489

*您若希望與 Shoreline 市展開交流或 閱讀以其他語言寫成的文檔，請寄送您的請求及您的連絡資訊至下方所示的電子郵件地址，或撥電話 (206) 801-2700。*

*Si le gustaría comunicarse con la Ciudad de Shoreline o revisar un documento en otro idioma, por favor envíe su solicitud junto con su información de contacto a la dirección de correo electrónico a continuación o llame al (206) 801-2700.*

*Kung gusto ninyong makipag-usap sa Lungsod ng Shoreline o suriin ang dokumento sa ibang wika, ipadala ang inyong kahilingan kasama ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa email address sa ibaba o tumawag sa (206) 801-2700.*

*Email: clk@shorelinewa.gov*

CITY OF SHORELINE

# 175TH STREET CORRIDOR IMPROVEMENTS PROJECT (STONE AVENUE N - I-5)

Fact sheet | taglagas 2020

## Ano ang pinakabagong balita?

Simula nang makipag-ugnayan sa komunidad noong tagsibol 2019, nakabuo kami ng dalawang konsepto ng disenyo para sa daanan sa N 175th Street. Nakabuo rin kami ng dalawang konsepto ng disenyo para sa mga pagpapahusay na sangandaan ng N 175th Street at Meridian Avenue N: opsyon ng rotondang sagandaan at opsyon ng sangandaan na mas pinaayos ang signal.

Ibinatay ang mga konsepto sa feedback na natanggap namin mula sa mga taong nakatira sa kahabaan ng daanan, mga lokal na negosyo, mga organisasyon sa komunidad, at mga taong bumibiyahe sa N 175th Street. Sinubukan ng aming pangkat ang mga potensyal na pagbabago sa daanan na maaaring may kasamang mga paraan upang mas mapabuti ang daloy ng trapiko at pagtatayo ng mga bangketa at linya ng bisikleta. Sinuri din namin ang daloy ng trapiko, kaligtasan sa daan, at mga kasalukuyang pasilidad sa N 175th Street.

Nitong tagsibol at tag-araw 2020, humiling kami ng feedback tungkol sa mga draft na konsepto ng disenyo at kung paano sila nasusukat laban sa pangunahing pamantayan ng pagsusuri. Makatutulong ang natanggap naming mungkahi upang mapahusay ang aming mga konsepto patungo sa isang piniling konsepto ng disenyo, na magiging batayan para sa mga pahintulot at pinal na disenyo.


## Ano ang nasa loob:

- Alamin ang tungkol sa proyekto
- Tingnan ang aming konsepto ng disenyo
- Suriin ang timeline ng proyekto
- Alamin ang tungkol sa mga oportunidad sa hinaharap para sa feedback

## Bakit napili ang daanan sa 175th Street?

Ang daanan sa 175th Street ay isa sa pinaka-aktibong daanan ng Shoreline mula silangan hanggang kanluran. Kinokonekta nito ang pinakamataong daan sa lungsod mula hilaga hanggang timog: State Route 99/Aurora Avenue N, I-5, at 15th Avenue NE. Ginawa naming priyoridad ang pagpapahusay ng N 175th Street sa pagitan ng Stone Avenue N at I-5 sa pamamagitan ng paggawa nitong mas madali at mas ligtas para sa mga taong naglalakad, gumagamit ng wheelchair, nagtutulak ng stroller, nagbibisikleta, nagmamaneho, at sumasakay sa transit para makabiyahe sa daanan.

Nagtatrabaho kami para matukoy ang mga pangangailangan sa transportasyon para matugunan ang mga kailangan ng ating lumalaking komunidad. Patuloy ang pagbigat ng trapiko sa daanan habang lumalaki ang lungsod at lumalawak ang pang-rehiyong transit sa N 148th street at N 185th street.




*Ang 175th Street Corridor Improvements Project ay sumasaklaw sa kahabaan ng N 175th Street sa pagitan ng Stone Avenue N at I-5.*

## Tingnan ang aming mga konsepto ng disenyo para sa daanan

Bumuo kami ng dalawang konsepto ng disenyo batay sa feedback na natanggap namin mula sa komunidad, sa mga pag-aaral sa kasalukuyang kondisyon sa daanan, at sa ating **Patakaran sa Mga Kumpletong Kalsada (Complete Streets Policy)**.


### Konsepto ng Disenyo ng Daanan A: Daanang ginagamit ng marami

- **Daanang may 13-talampakang lapad ginagamit ng maraming** taong naglalakad, gumagamit ng wheelchair, nagtutulak ng stroller, at nagbibisikleta sa hilaga at timog na panig ng kalsada
- **6 na talampakang lapad ng median na naka-hardscape/paved o naka-landscape na madaling mapanatili** mula sa mga pasilangan hanggang sa pakanlurang linya ng trapiko para mapahusay ang kaligtasan ng mga taong nagmamaneho
- **5-talampakang lawak ng naka-landscape na mga buffer** mula sa mga daanang ginagamit ng marami hanggang sa mga linya ng trapiko para mapahusay ang kaligtasan ng lahat ng gumagamit



### Konsepto ng Disenyo ng Daanan B: Naka-buffer na daanan ng bisikleta

- **8-talampakang lapad na bangketa** sa hilaga at timog na panig ng kalsada para sa mga taong naglalakad, gumagamit ng wheelchair, at nagtutulak ng stroller
- **5-talampakang lapad ng buffered na linya ng bisikleta** sa hilaga at timog na panig ng kalsada
- **5-talampakang lapad ng naka-landscape na buffer** mula sa linya ng bisikleta hanggang sa bangketa sa magkabilang panig ng kalsada upang makapagbigay ng pagitan sa mga taong gumagamit ng bangketa at nagbibisikleta



## ng lahat ng konsepto ng disenyo

- **Pagkumpleto sa tuloy-tuloy na bangketa** sa kahabaan ng magkabilang panig ng N 175th Street
- **Mas mahahabang linya ng likuan** patungo sa timog na Meridian Avenue N at I-5 N upang mapahusay ang daloy ng trapiko
- **Mas nakikitang** tawiran sa Wallingford Avenue N na may push-button signal na pipindutin ng dumadaan upang maging aktibo
- Mula Meridian Avenue N hanggang N 175th Street, **daanan na ginagamit ng maraming**taong naglalakad, gumagamit ng wheelchair, nagtutulak ng stroller, at nagbibisikleta upang panatilihin ang kaligtasan ng lahat ng gumagamit
- **Pinananatili ang kasalukuyang kaayusan sa linya** ng dalawang daanan ng sasakyan sa bawat direksyon
- **Ilapat ang mga planong magtayo ng mga linya ng bisikleta** sa Meridian Avenue N sa disenyo ng sangandaan sa N 175th Street

*Sinuri din namin ang konsepto ng disenyo na kumukumpleto sa network ng bangketa pero walang kasamang iba pang pagpapahusay ng daanan. Hindi tinugunan ng disenyong ito ang feedback ng komunidad, kung saan sinasabing mas maraming dapat gawin para mapahusay ang mga kondisyon sa daanan na may kaugnayan sa kaligtasan at paglikha ng diwa ng lugar. Hindi rin alinsunod ang disenyong ito sa ating Patakaran sa Mga Kumpletong Kalsada (Complete Streets Policy) at magkagayon nga, hindi na ito uusad sa pagsusuring ito. Tinulungan kami ng aming pagsusuri na matukoy na magkakapareho ang mga epekto sa mga ari-arian, anuman ang mapiling konsepto ng disenyo.*

## Pamantayan ng pagsusuri

Gumamit kami ng maraming pamamaraan upang suriin ang bawat konsepto ng disenyo bilang karagdagan sa feedback na natanggap namin mula sa komunidad. Batay ang pamantayan sa feedback na narinig namin mula sa komunidad noong unang yugto ng outreach at kabilang dito ang mga pagpapabuti sa listahan sa kanan:

- Pagiging madaling lakaran ng mga tao
- Transportasyon ng bus
- Mga pasilidad para sa bisikleta
- Daloy ng trapiko
- Kaligtasan ng transportasyon
- Pagpapaganda ng lupa
- Paglikha ng diwa ng lugar

*Gagamitin namin ang mga pamantayang ito bilang karagdagan sa feedback na natanggap namin upang mapagbuti ang mga konsepto at maging piniling konsepto ng disenyo.*

| Sukat ng Pakinabang | Mababa | Katamtaman | Mataas |
|---|---|---|---|

***Konsepto ng Disenyo ng Daanan A - Daanang ginagamit ng marami***

***Konsepto ng Disenyo B - Buffered na linya ng bisikleta***



*Pagpapasyahan ang potensyal na mga elemento sa disenyo ng pagpapaganda sa kalsada sa kalaunan ng proseso ng disenyo*


## Sangandaan sa N 175th Street at Meridian Avenue N

Bukod sa mga konsepto ng disenyo ng daanan, bumuo rin kami ng mga konsepto para sa isang rotondang sangandaan at sangandaan na may signal sa N 175th Street at Meridian Avenue N. Nailalapat ang parehong konsepto ng disenyo ng sangandaan sa alinman sa dalawang konsepto ng disenyo ng daanan.

*Para sa higit pa tungkol sa mga rotonda, bisitahin ang [www.wsdot.wa.gov/Safety/roundabouts/BasicFacts.htm](www.wsdot.wa.gov/Safety/roundabouts/BasicFacts.htm)*

### Rotondang sangandaan

- **Dalawang linyang rotonda na may apat na pasukan/labasan**
- **Apat na naka-hardscape na median**
- **Mga oportunidad para sa pampublikong sining** o placemaking sa center island
- **Mas maayos na sangandaan** kung ihahambing sa parehong sangandaan sa ngayon at sa opsyon na sangandaan na may signal, sa labas ng pinakaabalang oras sa PM
- **Mas maiikling tawiran** na may kanlungan sa gitna para sa mga taong tumatawid sa kalsada
- **Nagpa-flash na mga ilaw sa tawiran na ginagawang aktibo ng mga dumadaan**
- **Transisyon sa bangketa ng mga taong nagbibisikleta** bago makarating sa rotonda
- **Nangangailangan ito ng muling pagtatayo ng mga katatayo lamang na daanang ginagamit ng marami** sa palibot ng Meridian Park Elementary




### Sangandaan na may signal

- **Mas pinahusay ang kapasidad sa sasakyan** kumpara sa kondisyon ngayon at nagbibigay ng hindi pabago-bagong daanan ng mga taong naglalakad, gumagamit ng wheelchair, nagtutulak ng stroller, nagbibisikleta, at nagmamaneho
- **Nagbibigay ng mas mahabang likuan tungo sa kanluran na Meridian Avenue N** upang madagdagan ang kapasidad para sa mga taong nagmamaneho
- **Inilalapat ang katatayo lamang na daanan na ginagamit ng marami** sa palibot ng Meridian Park Elementary nang hindi na kinakailangan pa ang muling pagtatayo

